

Naghahatid ang Ontario ng Pag-uulat sa Pag-unlad at Isinusulong Nito ang Planong Magtayo

Ang Pang-ekonomiyang Pagpapahayag ng Ontario sa Panahon ng Taglagas 2022 ay inilunsad sa panahon ng kawalan ng katiyakan sa ekonomiya at pandaigdigang inflation

TORONTO — Ngayon, inilabas ng Ministro ng Pananalapi na si Peter Bethlenfalvy ang [Pang-ekonomiyang Pananaw at Pagsusuri sa Pananalapi ng Ontario 2022 – Ang Plano ng Ontario na Magtayo: Bagong Impormasyon Tungkol sa Pasulong](#). Kabilang dito ang kauna-unahang pag-uulat ng pag-unlad ng gobyerno sa plano nito na buuin ang Ontario, gayundin ang mga bagong pinagtutuunan ng hakbang na sumusulong sa plano nito upang mabuo ang ekonomiya, matugunan ang kakulangan sa paggawa ng lalawigan at matulungan ang mga pamilya at negosyo na mabawasan ang mga gastos.

Nagbibigay din ang gobyerno ng bagong impormasyon sa pang-ekonomiya at piskal na pananaw ng Ontario, na itinatampok kung paano inihahanda ang probinsiya ng kakayahang maitugma at responsableng plano nito na mapamahalaan ang kawalan ng katiyakan at panganib habang ang mundo ay dumaranas ng mataas na inflation at umuusbong na mga kahirapan sa ekonomiya.

"Magkasama, malayo na ang narating natin," sabi ni Minister Bethlenfalvy. "Mula sa pag-akit ng mga pamumuhunan at magagandang trabaho, hanggang sa pagsasanay ng libo-libong mga may kasanayang manggagawa sa kalakalan at pagtulong na mabawasan ang mga gastos para sa mga pamilya, nakagawa tayo ng makabuluhang pag-unlad. Habang tinatahak natin ang hindi tiyak na mga panahon ng ekonomiya, pinapahusay ng ating gobyerno ang plano nito sa pamamagitan ng mga bagong pinagtutuunang hakbang na sumusuporta sa mga pamilya, nakatatanda at maliliit na negosyo."

Kabilang sa ng mga binigyang-diin ng mga pinagtutuunang hakbang na sumusulong sa plano ng gobyerno ay ang:

- Paglulunsad ng isang boluntaryong malinis na pagpapatala ng kredito sa enerhiya upang palakasin ang pagiging mapagkumpitensya, makaakit ng mga trabaho at makapagbigay sa mga negosyo ng mas maraming pagpipilian kung paano nila ipagpatuloy ang kanilang mga layunin sa kapaligiran at pagpapanatili, ayon sa pinapagana ng iminungkahing batas.
- Pagbibigay sa maliliit na negosyo ng Ontario ng \$185 milyon na kaluwagan sa income tax sa susunod na tatlong taon, na nakikinabang sa humigit-kumulang sa 5,500 maliliit na mga negosyo sa pamamagitan ng iminungkahing pagpapahaba ng panahon ng paghinto ng maliit na halaga ng buwis sa negosyo.
- Awtomatikong pagtugma sa mga pagbabawas ng buwis sa ari-arian para sa maliliit na negosyo sa loob ng lahat ng munisipalidad na gumagamit ng subclass ng ari-arian ng maliit na negosyo.

- Paggawa ng mga pagbabago na magpapahintulot sa isang tao na may kapansanan sa ODSP na mapasakanila ang higit pang pera na kanilang kinikita sa pamamagitan ng pagtaas ng buwanang exemption sa mga kinita mula \$200 patungo sa \$1,000 bawat buwan. Pagpapayag sa humigit-kumulang sa 25,000 mga indibidwal na kasalukuyang bahagi ng mga nagtatrabaho na mapasakanila ang higit pa sa kanilang mga kinita at maaaring hikayatin ang hanggang sa 25,000 pa na lumahok at maging bahagi rin ng mga nagtatrabaho.
- Pagpaplanong itugma ang pinakamataas na buwanang halaga para sa programang Assistance for Children with Severe Disabilities taon-taon sa inflation, simula sa Hulyo 2023.
- Pagbibigay-tulong upang mapamahalaan ang tumataas na gastos para sa mga taong may kapansanan na may mababang kita sa pamamagitan ng pagpaplanong itugma ang mga pangunahing allowance sa ilalim ng Ontario Disability Support Program (ODSP) sa inflation taon-taon, simula sa Hulyo 2023.
- Pamumuhunan ng karagdagang \$40 milyon sa 2022–23, para sa kabuuang \$145 milyon para sa pinakabagong yugto ng pagpopondo sa Skills Development Fund, na nakatulong na sa mahigit sa 393,000 mga tao na gawin ang susunod na hakbang sa kanilang mga karera sa ninanais na mga industriya.
- Pamumuhunan ng karagdagang \$4.8 milyon sa loob ng dalawang taon, simula sa 2023–24, upang palawakin ang programang Dual Credit, na hinihikayat ang mas maraming mga mag-aaral sa sekondaryang paaralan na pumasok sa isang karera sa mga may dalubhasang kalakalan o edukasyon sa mga nasa maagang bahagi kabataan.
- Pagmungkahi na palawigin ang mga pagbawas sa buwis sa gas at mga antas ng buwis sa gasolina upang ang antas ng buwis sa gasolina at fuel (diesel) ay manatili sa 9 sentimo kada litro hanggang Disyembre 31, 2023.
- Pagbibigay-tulong upang mapamahalaan ang mga gastos para sa humigit-kumulang sa 200,000 mga nakatatanda sa pinakamababang kita sa Ontario sa pamamagitan ng pagmumungkahi na doblehin ang pagbabayad ng Guaranteed Annual Income System para sa lahat ng tatanggap sa loob ng 12 buwan simula sa Enero 2023, isang pinakamalaking halaga na pagtaas ng halos \$1,000 para sa bawat tao sa 2023.
- Pagmungkahi na palawakin ang mga karapat-dapat na paggasta para sa Ontario Production Services Tax Credit upang isama ang mga bayarin sa lokasyon upang makatulong na maakit ang lokal at dayuhang produksyon ng pelikula at telebisyon sa lalawigan at magbigay ng insentibo sa higit pang paggawa ng pelikula sa kinalalagyan ng mga komunidad sa buong Ontario.

“Nasa panahon tayo ng mataas na inflation na nagpapahirap sa mga budget ng sambahayan sa pamamagitan ng pagpapataas ng mga presyo sa mga pang-araw-araw na mga produkto at serbisyo,” sabi ni Minister Bethlenfalvy. “Ngunit may pagtitiwala ako sa katatagan ng ekonomiya ng Ontario, sa mga manggagawa at sa mga tao nito. At nananatili akong may pagtitiwala sa plano ng ating gobyerno na mapanatili ang ating kakayahan na maitugma ang pananalapi sa anumang kinakailangan, para makapagbigay tayo ng suportang nakatuon sa pangangailangan ng mga tao at negosyo ngayon, habang nagtataguyod para sa hinaharap.

Kabilang sa ng mga binigyang-diin ng kauna-unahang Pag-uulat sa Pag-unlad ng Pagbuo ng Ontario ang:

- Pagkakuha ng \$16 bilyon na mga pamumuhunang nakapagdudulot ng makabuluhang pagbabago sa Ontario ng mga pandaigdigang gumagawa ng sasakyan at mga supplier ng mga baterya ng electric na sasakyan at mga materyales ng baterya sa nakalipas na dalawang taon.

- Pagkakuha ng \$2.5 bilyon na pamumuhunan sa nakalipas na taon na magbibigay-suporta sa pagbabago sa sektor ng bakal at tutulong na gawing isang nangunguna sa mundo na tagagawa ng bakal na may mababang antas ng carbon ang probinsiya.
- Pagsuporta sa tinatayang \$8.7 bilyon sa pagtitipid sa gastos at suporta para sa mga negosyo sa Ontario noong 2022, na may \$4.0 bilyon na mapupunta sa maliliit na negosyo, sa pamamagitan ng mga aksiyon na tulad ng pagpapababa ng gastos sa pagbibigay ng suweldo at pagbibigay ng kaluwagan sa presyo ng kuryente.
- Paglunsad ng pang-ekonomiyang potensiyal ng mga lubos na mahahalagang mineral, kabilang ang mga nasa Ring of Fire, kasama ang kauna-unahang Critical Minerals Strategy ng Ontario at isang pangako na malapit sa \$1 bilyon upang masuportahan ang mga mahahalagang itinatag nang imprastruktura tulad ng mga kalsadang para sa lahat ng panahon na patungo sa Ring of Fire.
- Patuloy na suportahan ang mga may dalubhasang kalakalan, kung saan ang Ontario ay nakakakita ng mahigit sa 71,700 bagong pagpaparehistro sa mga programa ng apprenticeship, mahigit sa 25,000 mga Sertipiko of Apprenticeship at 5,600 mga Sertipiko ng Qualification sa pagitan ng 2018 at 2020.
- Pagdaragdag ng mahigit sa 11,700 mga manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan, kabilang ang mga nars at mga trabahador na kaugnay sa pagbibigay ng personal na suporta, simula noong 2020; pati na rin ang mahigit sa 800 mga nars na edukado sa ibang bansa na naging mga lisensyadong nars sa Ontario sa pamamagitan ng programang pinondohan ng pamahalaan.
- Humigit-kumulang sa \$25.1 bilyon sa pagpapalawak at pagpapabuti ng highway sa susunod na 10 taon upang maikonekta ang mga komunidad, labanan ang pagkakaroon ng mabigat na trapiko at panatiliing gumagalaw ang mga kalakal at tao sa buong probinsiya, kabilang ang pagtatayo ng Highway 413 at Bradford Bypass, at pagpapalawak ng Highway 401.

MGA MALIWANAG NA KATOTOHANAN

- Habang nananatiling hindi tiyak ang mga pandaigdigang kalagayan sa ekonomiya, na hinihimok ng iba't ibang salik na hindi kontrolado ng gobyerno, ang gobyerno ay bumuo ng mga sitwasyon ng Mas Mabilis na Pag-unlad at Mas Mabagal na Pag-unlad na maaaring maranasan ng ekonomiya sa susunod na ilang taon upang magbigay ng higit na kakayahang makita ang mga mangyayari tungkol sa kung paano maaaring maapektuhan ng mga alternatibong sitwasyon sa ekonomiya ang pananalapi ng Ontario.
- Ang gobyerno ay nakatuon sa pag-aalis ng deficit sa istraktura ng lalawigan base sa patuloy na kawalan ng katiyakan sa ekonomiya at mga kahirapan sa pananalapi, at dodoblehin nito ang kanyang mga pagsisikap na maibalik sa balanse ang pananalapi ng Ontario.
- Ang gobyerno ay nagtatantiya na ngayon na magkakaroon ng \$12.9 na bilyong deficit sa 2022–23, halos \$7 bilyon na mas mababa kung ikukumpara sa inaakalang halaga na inilathala sa *2022 Budget*.
- Sa kalagitnaang panahon, ang pamahalaan ay nagtatantiya na magkakaroon ng pagbabawas sa deficit ng \$8.1 bilyon sa 2023–24 at ng \$0.7 bilyon sa 2024–25. Kasama ang 2022–23, ito ay kumakatawan sa pinagsama-samang pagpapabuti ng \$18.1 bilyon sa inaakalang halaga ng deficit at isang pinagsama-samang \$26.1 bilyon na pagbawas sa mga pangangailangan sa paghiram kung ikukumpara sa *2022 Budget*.

KARAGDAGANG MAPAGKUKUNAN NG IMPORMASYON

Pang-ekonomiyang Pananaw at Pagsusuri sa Pananalapi ng Ontario 2022 — Ang Plano ng Ontario na Magtayo: Bagong Impormasyon Tungkol sa Pasulong

Basahin ang *Background: Pang-ekonomiya at Pananalaping Pananaw (Economic and Fiscal Overview)*

Basahin ang mga tampok ng *Ang Plano ng Ontario na Magtayo: Bagong Impormasyon Tungkol sa Pasulong*

Magbasa pa tungkol sa plano ng gobyerno na [panatilihin mababa ang gastos](#) at [kapag ang gobyerno ay naghahatid ng tulong](#)

Basahin ang *2022 Budget: Ang Plano ng Ontario na Magtayo*

MGA MAKAKAUSAP NG MEDIA

ontario.ca/finance-news

Disponible en français

Emily Hogeveen

Opisina ng Ministro

647-294-6166

Emily.Hogeveen@ontario.ca

Scott Blodgett

Sangay ng Komunikasyon

416-728-9791

Scott.Blodgett@ontario.ca